# *Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 2*

***Igalang ang Iyong Ama at Iyong Ina at Tanggapin ang Tawag ng Dios sa Iyong Buhay***

***"1 Mga anak, magsitalima kayo sa inyong mga magulang sa Panginoon: sapagka't ito'y matuwid. 2 Igalang mo ang iyong ama at ina (na siyang unang utos na may pangako), 3 Upang yumaon kang mabuti, at ikaw ay mabuhay na malaon sa lupa." (Epeso 6:1-3 KJV)***

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito ang pag-aaral mula sa buhay ni Haring David ar matututo ng mabubuting bagay mula sa Salita ng Dios upang maipamuhay ang mga ito sa ating buhay.

Sinunod ni Haring David ang mga utos ng kanyang ama. Sinasabi sa atin ng Salita ng Dios: ***"16 Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, gaya ng iniutos sa iyo ng Panginoon mong Dios: upang ang iyong mga araw ay lumawig at upang ikabuti mo sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Dios." (Deutronomio 5:16 KJV)*** Bakit sinabi ng Dios sa Kanyang Salita, ***"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina"***? Dahil ang mga magulang ang tanging may pananagutan na pangalagaan ang mga anak sa pisikal, at turuan sila at sanayin sila sa Salita ng Dios, kaya kapag sinunod nila ang kanilang mga magulamg na nagbibigay sa kanila ng Salita ng Dios sinunod nila ang Dios, at sa gayon sila pagpapaalain, sapagkat magkakaroon sila ng mahabang buhay at ito'y magiging maayos sa kanila. Sinunod ni David ang kanyang ama gaya ng mababasa natin sa sumusunod na pangyayari:

***A. Nakinig at sinunod ni David ang kanyang ama nang ipadala siya ng kanyang ama upang katagpuin si Samuel: "11 At sinabi ni Samuel kay Isai, Narito ba ang iyong lahat na anak? At kaniyang sinabi, Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa. At sinabi ni Samuel kay Isai, Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito. 12 At siya'y nagsugo, at sinundo siya roon. Siya nga'y may mapulang pisngi, may magandang bikas, at mabuting anyo. At sinabi ng Panginoon, Tumindig ka: pahiran mo siya ng langis, sapagka't ito nga." (1 Samuel 16:11-12 KJV)***

***B. Nakinig si David sa kanyang ama at sumunod sa kanya nang isugo siya ng kanyang ama upang tumugtog ng alpa para kay Haring Saul: "20 At kumuha si Isai ng isang asno na may pasang tinapay, at isang balat ng alak, at isang anak ng kambing, at ipinadala kay Saul sa pamamagitan ni David na kaniyang anak. 21 At dumating si David kay Saul at tumayo sa harap niya: at minahal niya siyang mainam; at siya'y naging tagadala ng sandata niya. 22 At nagpasabi si Saul kay Isai, Isinasamo ko sa iyo na bayaang tumayo si David sa harapan ko, sapagka't siya'y nakasumpong ng biyaya sa aking paningin." (1 Samuel 16:20-22 KJV)***

***C. Nakinig si David sa kanyang ama nang isugo siya ng kanyang ama sa kanyang mga kapatid na nasa labanan: "17 At sinabi ni Isai kay David na kaniyang anak, Dalhin mo ngayon sa iyong mga kapatid ang isang epa nitong trigo na sinangag, at itong sangpung tinapay, at dalhin mong madali sa kampamento, sa iyong mga kapatid; 18 At dalhin mo ang sangpung kesong ito sa kapitan ng kanilang libo, at tingnan mo kung ano ang kalagayan ng iyong mga kapatid, at kumuha ka ng pinakakatunayan. 19 Si Saul nga, at sila at ang lahat ng mga lalake ng Israel ay nasa libis ng Ela, na nakikipaglaban sa mga Filisteo. 20 At si David ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at iniwan ang tupa na may isang tagapagalaga, at nagdala at yumaon, na gaya ng iniutos sa kaniya ni Isai; at siya'y naparoon sa kinaroroonan ng mga karo, habang ang hukbo na lumalabas sa pakikipaglaban ay sumisigaw ng pakikipagbaka." (1 Samuel 17:17-20 KJV)***

Ang ama ni David ay ginagawa ang kalooban ng Dios at sinusunod ang Salita ng Dios, kaya nang sinusunod ni David ang kanyang aam sinusunod niya ang Dios. Sa pagsunod ni David sa kanyang ama siya'y naglilingkod sa layunin ng Dios at tinanggap niya ang pagpapala ng Dios.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Nang isugo si David sa unang pagkakataon, siya ay pinahiran ng langis bilang hari. Nang isinugo si David sa ikalawang pagkakataon, tinanggap niya ang kanyang unang posisyon sa paglilingkod sa Dios. Sa ikatlong pagkakataon na ipinadala siya, nagkaroon siya ng pagkakataong patayin si Goliat. Sinunod ni David ang kanyang ama tulad ng pagsunod ng kanyang ama sa Dios.

Kailangan mong makinig sa iyong mga magulang at sa iyong espirituwal na mga magulang, sa mga namumuno sa simbahan at sa tagapangasiwa na nagsanay sa iyo at patuloy na binabantayan ang iyong kaluluwa. Kailangan mong makinig at sundin sila hangga't sinasabi nila ang Salita ng Dios at ang layunin ng Dios sa iyong buhay. Sa paggawa ng kalooban ng Dios at layunin mananaig at makikita mo ang layunin ng Dios sa salinlahing namumuhay ka.

Ngunit kasalungat niyon kung ang iyong ama o ang iyong mga magulang ay hindi tagasunod ng Dios at hindi nag-uutos sa ito ng Salita ng Dios kung gayon kailangan mo lamang igalang sila ngunit hindi ka obligado na parangalan at sundin ang mga utos na ibibinigay nila sa iyo hangga't hindi naaayon sa Banal na Kasulatan. Ito

ang itinuro ng Dios sa mga Israelita na huwag sundin ang mga utos ng kanilang mga ninuno, sapagkat ang kanilang mga ninuno ay hindi sumusunod sa Dios kundi sa kanilang mga dios-diiosan: ***"18 At sinabi ko sa kanilang mga anak sa ilang, Huwag kayong magsilakad ng ayon sa mga palatuntunan ng inyong mga magulang, o ingatan man ang kanilang mga kahatulan, o magpakahawa man sa kanilang mga diosdiosan: 19 Ako ang Panginoon ninyong Dios: magsilakad kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at ingatan ninyo ang aking mga kahatulan, at inyong isagawa; 20 At inyong ipangilin ang aking mga sabbath; at mga magiging tanda sa akin at sa inyo, upang inyong maalaman na ako ang Panginoon ninyong Dios." (Ezekiel 20:18-20 KJV)*** * Sa huli ay nais ng Dios na sundin mo ang Kanyang Salita at kung hindi sinasabi sa iyo ng iyong mga magulang ang Salita ng Dios kung gayon hindi mo kailangang igalang at gawin ang sinasabi nila sa iyo, dahil sa gayong paraan ay nililinlang ka nila at inaalis ka mula sa Dios. * Samakatuwid, tayo bilang mga magulang ay kailangang maging maingat kung paano turuan ang ating mga anak, dahil kung tuturuan natin sila laban sa Salita ng Dios kung gayon tuturuan ng Dios ang ating mga anak na huwag makinig sa ating mga tagubilin o sundin ang ating mga payo.

Pinarangalan ni Jesus ang Kanyang mga magulang at nagpasakop sa kanilang awtoridad noong Siya ay bata pa: ***"51 At lumusong siyang kasama nila, at napasa Nazaret; at napasakop sa kanila: at iniingatan ng kaniyang ina sa kaniyang puso ang lahat ng mga pananalitang ito. 52 At lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao." (Lucas 2:51-52 KJV)*** Datapuwa't nang si Jesus ay naglilingkod sa Dios, at ang kaniyang ina at mga kapatid ay lumapit sa kaniya, at siya'y ipinatawag upang salubungin sila, ay hindi siya lumabas na may paggalang sa kahilingan ng kaniyang ina at mga kapatid. ***"31 At dumating nga ang kaniyang ina at ang kaniyang mga kapatid; at, palibhasa'y nangakatayo sila sa labas, ay nangagpasugo sila sa kaniya, na siya'y tinatawag. 32 At nangakaupo ang isang karamihan sa palibot niya; at sinabi nila sa kaniya, Narito, nangasa labas ang iyong ina at ang iyong mga kapatid na hinahanap ka. 33 At sinagot niya sila, at sinabi, Sino ang aking ina at aking mga kapatid? 34 At paglingap niya sa nangakaupo sa palibot niya, ay sinabi niya, Narito, ang aking ina at aking mga kapatid! 35 Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng Dios, ito'y ang aking kapatid na lalake, at aking kapatid na babae, at ina." (Marcos 3:31-35 KJV) "46 Samantalang siya'y nagsasalita pa sa mga karamihan, narito, ang kaniyang ina at ang kaniyang mga kapatid ay nangakatayo sa labas, at ibig nilang siya'y makausap. 47 At may nagsabi sa kaniya, Narito, ang iyong ina at ang iyong mga kapatid ay nangakatayo sa labas, na ibig nilang makausap ka. 48 Nguni't siya'y sumagot at sinabi sa nagsabi sa kaniya, Sino ang aking ina? at sino-sino ang aking mga kapatid? 49 At iniunat niya ang kaniyang kamay sa kaniyang mga alagad, at sinabi, Narito, ang aking ina at ang aking mga kapatid! 50 Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit, ay siyang aking kapatid na lalake at aking kapatid na babae, at ina." (Mateo 12:46-50 KJV)*** * Kaya't kailangan mong malaman na kung igagalang at siusundin mo ang iyong magulang na hindi nagsasabi sa iyo ng Salita ng Dios kung ikaw ikaw ay sumasalangat sa Dios, at sa gayon ay magiging salungat Siya sa iyo at hindi ka Niya pagpapalain. * Ngunit kung sinasabi sa iyo ng iyong mga magulang ang mismong Salita ng Dios at mismong kalooban ng Dios, kailangan mong igalang sila at gawin ang itinuturo nilang gawin mo.

***"4 Ang salita nga ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi. 5 Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa." (Jeremias 1:4-5 KJV)*** Ang iban aspetao na matutunan natin mula sa buhay ni David ay yaong tinanggap ni David ang tawag ng Dios sa kanyang buhay.

Ito ang pananagutan ng pagtawag ng Dios kay David: ***"1 At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Hanggang kailan pananangisan mo si Saul yamang aking itinakuwil siya na maging hari sa Israel? Punuin mo ng langis ang iyong sungay, at ikaw ay yumaon, susuguin kita kay Isai na Bethlehemita: sapagka't ako'y naglaan sa kaniyang mga anak ng isang hari. 2 At sinabi ni Samuel, Paanong ako'y paroroon? Kung mabalitaan ni Saul, ay kaniyang papatayin ako. At sinabi ng PANGINOON, Magdala ka ng isang dumalagang baka, at iyong sabihin, Ako'y naparito upang maghain sa PANGINOON. 3 At tawagin mo si Isai sa paghahain at aking ituturo sa iyo kung ano ang iyong gagawin; at iyong papahiran sa akin yaong sa iyo'y aking sabihin. 4 At ginawa ni Samuel ang sinalita ng PANGINOON at naparoon sa Bethlehem. At ang mga matanda sa bayan ay naparoon upang salubungin siya na nagsisipanginig, at nagsabi, Naparirito ka bang may kapayapaan? 5 At kaniyang sinabi, May kapayapaan: ako'y naparito upang maghain sa PANGINOON: magpakabanal kayo at sumama kayo sa akin sa paghahain. At pinapagbanal niya si Isai at ang kaniyang mga anak, at tinawag niya sila sa paghahain. 6 At nangyari, nang sila'y dumating na siya'y tumingin kay Eliab, at nagsabi, Tunay na ang pinahiran ng PANGINOON ay nasa harap niya. 7 Nguni't sinabi ng Panginoon kay Samuel, Huwag mong tingnan ang kaniyang mukha, o ang taas ng kaniyang kataasan; sapagka't aking itinakuwil siya: sapagka't hindi tumitingin ang PANGINOON na gaya ng pagtingin ng tao: sapagka't ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni't ang Panginoon ay tumitingin sa puso. 8 Nang magkagayo'y tinawag ni Isai si Abinadab, at pinaraan niya sa harap ni Samuel. At kaniyang sinabi, Kahit ito man, ay hindi pinili ng PANGINOON. 9 Nang magkagayo'y pinaraan ni Isai si Samma. At kaniyang sinabi, Kahit ito man, ay hindi pinili ng PANGINOON.10 At pinaraan ni Isai ang pito sa kaniyang***

***mga anak sa harap ni Samuel. At sinabi ni Samuel kay Isai, Hindi pinili ng PANGINOON ang mga ito. 11 At sinabi ni Samuel kay Isai, Narito ba ang iyong lahat na anak? At kaniyang sinabi, Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa. At sinabi ni Samuel kay Isai, Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito. 12 At siya'y nagsugo, at sinundo siya roon. Siya nga'y may mapulang pisngi, may magandang bikas, at mabuting anyo. At sinabi ng PANGINOON, Tumindig ka: pahiran mo siya ng langis, sapagka't ito nga. 13 Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis, at pinahiran siya sa gitna ng kaniyang mga kapatid: at ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang suma kay David mula sa araw na yaon hanggang sa haharapin. Gayon bumangon si Samuel at napasa Rama." (1 Samuel 16:1-13 KJV)*** Simple lang ito ang sitwasyon nang si David ay pinahiran bilang hari. Tinawag siya ng Dios at tinugon niya ang tawag ng Dios, at ang Espiritu ng Panginoon ay bumaba sa kanya nang may kapangyarihan mula sa araw na iyon. Hindi siya nagtanong, hindi siya tumanggi at hindi siya nag-alinlangan. Matapos siyang mapahiran ay kumilos nang normal at maayos nagpatuloy habang ginagabayan siya ng Dios nang unti-unti at mula sa iba't ibang lugar.

Ganito rin ang nangyayari sa atin bilang mga manggagawa na tumutugon sa tawag ng Dios at sumusunod sa bawat utos Niya. Natatanggap natin ang pagpapahid ng Banal na Espiritu kapag pinapanatili natin ang dalisay na puso at handang espiritu na maglingkod sa Dios at sundin ang Kanyang kalooban sa ating buhay. Tinawag ka ng Dios sa maraming pagkakataon, at kahit ngayon habang naririnig at binabasa mo ang mensaheng ito ay tinatawag ka Niya. Kung paano ka tumugon sa panawagang iyon ay responsibilidad mo sa Dios; kung paano ka sumunod sa Kanyang kalooban at sa Kanyang plano sa iyong buhay ay kung paano ka pagpapalain. Magtiwala sa Dios at sumunod sa Kanya. Huwag mong isipin ang mga hadlang sa iyong buhay at huwag maging negatibo sa iyong isipan. Alalahanin na ***"24 Tapat yaong sa inyo'y tumatawag, na gagawa rin naman nito." (1 Tesalonica 5:24 KJV)***

Bata pa si David nang tawagin siya ng Dios at hindi iyon naging hadlang para sa kanya na tumugon sa tawag ng Dios sa kanyang buhay kahit siya ang bunso sa lahat ng kanyang mga kapatid, ngunit hindi iyon naging hadlang sa kanya na sumulong kasama ang Dios at sa mabuting plano Niya para sa kanya. Ang kanyang tugon sa tawag ng Dios sa kanyang buhay sa kabila ng kanyang murang edad ay sumasabay sa tagubilin ni Pablo kay Timoteo, ***"12 Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan." (1 Timoteo 4:12 KJV)***

Si Maria nang tinawag siya ng Dios upang ipagdalang tao si Jesus sa kanyang sinapupunan, kahit na siya ay batang birhen, siya ay tumugon sa tawag ng Dios sa kanyang buhay at tinanggap iyon nang may pananampalataya gaya ng sinabi niya sa angel na nagpahayag sa kanya na siya ay hinirang ng Dios: ***"38 At sinabi ni Maria, Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita. At iniwan siya ng anghel." (Lucas 1:38 KJV)*** Kaya ingatan ang katulad sa iyong isip at paniwalaan ng iyong puso; ***"37 Sapagka't walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan." (Lucas 1:37 KJV)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Ang pagtawag kay David ay sa panahon ng isang kritikal na yugto sa buhay ng bayan ng Dios. Noong panahong iyon, si Saul ang hari ngunit binigo niya ang Dios, at may trabaho na kailangang gawin. At nang siya'y pinahiran ng langis upang maging hari, ay hindi niya nalalaman ang lahat ng mga gawa na darating sa kaniya. Sa ngayon, maaaring hindi mo alam kung bakit ka tinawag ng Dios at para sa anong layunin. Ngunit ang pinakamahalagang bagay na dapat mong malaman ay ito: May isang gawain na kailangang gawin at iyon ang dahilan kung bakit tinawag ka ng Dios na gawin ito. Mapalad ka kapag sumasang-ayon ka na sundin ang tawag ng Dios at magsimulang gawin ito.

Manalangin tayo ... .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios sa Langit, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong malinaw na Salita sa akin at ang turo na Aking natanggap mula sa mensaheng ito tungkol sa paggalang sa aking mga magulang at sa mga nagbibigay at nag-aakay ng iyon Salita, at tungkol sa pagtawag mo sa aking buhay. Panginoon salamat para sa lahat ng Banal na Kasulatan at sa mga halimbawa na aking natutunan sa mensaheng ito upang tulungan akong maisabuhay.*

*Ipagtapat at talikuran ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagsuway sa iyong mga magulang at sa mga nagbibigay sa iyo ng mga utos ng Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong naantalang pagsunod, ang katigasan ng iyong ulo, at ang paggawa ng iyong sariling kalooban at hindi ang kalooban ng Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong mga pagdududa, ang iyong kawalan ng pananampalataya at ang iyong pag-aatubili na tumugon sa tawag ng Dios sa iyong buhay at kung ano ang nais Niyang gawin mo para sa Kanya. Ipagtapat ang iyong takot sa tao at ang iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Ipagtapat mo ang lahat ng mga dios-diosan at mga maling gawain ng iyong mga*

*magulang. Ipagtapat ang iyong mga kasinungalingan, ang iyong pagnanasa at ang iyong mga imoralidad. Ipagtapat at talikuran ang inyong kamunduhan at pagmamahal sa mga materyal na bagay. Ipagtapat at talikuran ang inyong pagkaalipin at pamatok sa maraming di-mananampalataya at kaibigan, at ang inyong pagkaalipin sa social Media, Balita at mga laro. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kakulangan sa panalangin. Panginoon, patawarin mo ako, pinagsisisihan ko ang mga sumusunod na kasalanan_________________________ .*

*Panginoong Dios, salamat para iyong mensahe sa akin. Panginoon, pakumbabain mo ako at bigyan Mo ako ng isang pusong natuturuan upang makinig sa aking mga magulang na nagsasabi sa akin ng Iyong Salita. Panginoon, tulungan mo akong makinig sa aking espirituwal na mga magulang na nagtuturo sa akin ng Iyong Salita. Alam ko na sa pagsunod sa kanilang mga tagubilin ay susundin ko ang iyong kalooban. Panginoon, tulungan mo akong matupad ang Iyong layunin sa aking buhay at sa buhay ng henerasyon na Aking pinaglilingkuran. Panginoong Dios, salamat sa pagtawag mo sa akin upang paglingkuran Ka. Narito ako, ibukod mo ako at pahiran mo ako ng kapangyarihan ng iyong Banal na Espiritu. Panginoon, bigyan Mo ako ng suportahan at bigyan Mo ako ng karunungan upang makapaglingkod ako sa Iyo nang buong puso, upang makamit ang Iyong layunin sa aking buhay, at upang paglingkuran ang aking sariling salinlahi alinsunod sa Iyong Kalooban. Bigyan Mo po ako ng pagtitiyaga upang makamit ang layuning ito at ang Iyong tungkulin sa aking buhay. Ito aking hinihiling at panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at bumalik sa iyo handang gawin ang iyong Salita at ang utos na tinanggap nila sa mensaheng ito upang igalang ang kanilang mga magulang at ang mga nagtuturo sa kanila ng iyongb Salita, at handang tumugon sa iyong pagtawag sa knanilang buhay. Panginoon ibuhos mo ang iyong Banal na Espiritu sa kanila at maglaan sa kanila upang yumaon at maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon patnubayan sila at ibigay ang kanilang pangangailangan upang patuloy na paglingkuran ka.*

*Panginoon, ipinagkatiwala namin ang aming sarili bilang iyong simbahan na ituro ang iyong Salita sa aking mga anak at idisipulo at ihayag sa kanila ang iyong kalooban at tungkol sa iyong pagtawag sa kanilang buhay. Panginoon patnubayan kami na magpatong ng kamay at utusan ang mga tinawag mo na yimaon at maglingkod sa iyo. Panginoon patuloy kaming patnubayan ng Banal na Espiritu sa mga bagay na nais mong gawin namin at kamitin para sa iyo. Panginoon ipinagkatiwala namin ang aming sarili na sumulong sa pag-abot sa bagong mga tao at lugar ng mabuting balita ni JesuCristo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at magevangelio, at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Paglingkuran ang Layunin ng Dios Yugto 2. Igalang ang iyong ama at ang iyong ina at tanggapin ang tawag ng Dios sa iyong buhay. Efeso 6:1-3. Deuteronomio 5:16. 1 Samuel 16:11-12, 20-22. 1 Samuel 17:17-20. Ezekiel 20:18-20. Lucas 2:51-52. Marcos 3:31-35. Mateo 12: 46-50. Jeremias 1:4-5. 1 Samuel 16:1-13. 1 Timoteo 4:12. 1 Tesalonica 5:24. Lucas 1:38, 37.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com